# ILAW NG PAG-ASA

TWR WOMEN OF HOPE

## Kalendaryo ng Panalangin

2026년 1월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Mga Panalangin para sa mga Babaeng Asyano**

Ang Disyembre ay dumating na- ang pagtatapos ng taon. Bilang pagbabalik tanaw, ang taong ito ay punong-puno ng mga pasasalamat at papuri dahil mga biyaya na ipinagkaloob ng Diyos sa atin. Hinayaan Niyang malasap natin ang kagalakan ng pagsasama-sama upang magawa natin ang mga bagay na hindi natin magagawa ng mag-isa, at sa pamamagitan ng pandaigdigang pananalangin, tayo ay napuno ng biyaya ng Panginoon sa pamamagitan ng paghipo Niya sa ating mga puso sa pamamagitan ng araw-araw na pagbubulay-bulay sa sampung magkakaibang tema. Habang papalapit na tayo sa pagtatapos ng taon, ibinabahagi natin ang mensahe ng pasasalamat sa pamamagitan ng mga salitang nagbibigay-buhay at makaantig pusong mga salita na umaapaw sa pasasalamat at pagpapala. Umaasa kami na ang lahat ng mga salitang sinambit ng ating mga labi at lahat ng mga pagbulaybulay ng ating mga puso ay magbigay ng luwalhati sa Panginoon.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

**1**. Kami ay nagagalak dahil sa ang Women of Hope sa wikang Hazaragi ay naisahimpapawid sa Afghanistan noong Octobre 2025. Magdala Ka nawa ng pag-asa at kagalingan, Panginoon. (John 17:3)

**2**. Ama, dahil sa ang mga mamamayan ng Cambodia ay nahaharap sa mataas na antas ng kawalan ng trabaho at mababang sahod, nawa ay gabayan Mo at magbigay Ka ng pamamaraan sa kanila para mapangalagaan ang kanilang pamilya. (Ps. 9:18)

**3**. Diyos, dahil sa ang mga Kristiano sa China ay pinanghihinaan ng loob, kakapusan sa pinansiyal at panggigipit ng lipunan, dagdagan Mo nawa ang kanilang kakayahan upang manatiling matatag at magtiwala sa Iyo na aalagaan Mo sila. (2 Cor. 4:8-9)

**4**. Panginoon, bigyan Mo nawa ng kakayahan ang mga kababaihan sa kanayunan ng Karnataka, India, upang makahanap ng trabaho at maalagaan nila ang kanilang mga pamilya. Marami sa mga asawang lalaki ay nalulong sa alak at online na sugal. (Isa. 41:10)

**5**. Diyos, ibigay Mo nawa ang Iyong dakilang karunungan sa mga tagapanguna sa Indonesia upang makahatol sila ng patas at makapamahala nang may katarungan. Nawa, ang kalayaan sa pagpapahayag ay maprotektahan sa ilalim ng batas. (Prov. 31:9)

**6**. Nawa ang mga mananampalataya ay makaimpluensya sa mga nasa paligid nila sa pamamagitan ng pagtulad sa buhay ni Cristo upang ang Ebanghelyo ay maikalat sa kabuoan ng Japan at marami ang maligtas. (Acts 2:40-47)

**7**. Ama, nawa ang susunod na henerasyon ng South Korea ay makatayo ng matatag sa kanilang pananampalataya habang personal Ka nilang nararanasan sa kanilang buhay. Nawa ay makapagbigay sila ng kagalakan sa Iyong puso! (Eph. 5:15-16)

**8**. Diyos, pagkalooban Mo nawa ng karunungan, pag-ibig at kapayapaan ang mga solong ina sa Mongolia sa kanilang pangunguna sa kanilang mga pamilya. Nawa ang kanilang mga anak ay lumakad sa Iyong pamamaraan at lumaki sa ilalim ng Iyong pagkalinga. (Prov. 22:6)

**9**. Panginoon, pagalingin Mo nawa ang pagkakahati-hati ng mga Iglesya sa Nepal na siyang nagpapahina sa pananampalataya ng mga mananampalataya, lalo na ang sa mga kababaihan at mga bata. Nawa, ay manumbalik sila sa pamamagitan ng Iyong pag-ibig at katotohanan. (Rom. 15:5-6)

**10**. Ama, dalangin namin ang paglagong espiritual ng mga kababaihan sa bagong tatag na grupo sa Pakistan. Nawa ay sama-sama silang makinig sa Iyong salita at manalangin para sa isa't isa. (Col. 1:9-10)

**11**. Diyos, magdala ka nawa ng katarungan, kaligtasan at kagalingan sa mga kababaihan sa Papua New Guinea na nahaharap sa karahasan sa tahanan at sa tribo. Baguhin Mo nawa ang mga komunidad upang mapahalagahan nila ang dignidad ng mga kababaihan. (Ps. 34:18)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**12**. Panginoon, palakasin Mo nawa at pagkalooban ng mga pangangailangan ang mga kababaihang tagapakinig sa Maho Sri Lankan na may matibay na pananampalataya kay Cristo sa kabila na pag-aabandona sa kanila ng kanilang mga asawa. (2 Cor. 9:8)

**13**. Marami sa mga kababaihan sa mga kanayunan ng Timor-Leste ay namamatay dahil sa panganganak. Nawa ay magkaroon ng mga mobile na klinika, maayos na pangangalaga sa mga buntis at malinis na pasilidad pangkalusugan para sa kanila. (Ps. 121:7-8)

**14**. Magdala Ka nawa ng proteksyon at pagpapalaya, Panginoon, para sa mga kababaihan sa Vietnam na nasa panganib na maikalakal at mapagsamantalahan. Gabayan Mo nawa ang mga komunidad sa kanilang pagsasagawa ng stratehiya upang mapigilan ang ganitong mga gawain. (Ps. 20:1)

**15**. Diyos, nawa ang mga mamamayan at tagapanguna sa Cambodia ay tumingin sa Iyo para sa kapayapaan, seguridad at resolusyon mula sa patuloy na sigalot na nagdudulot ng matinding paghihirap. (Eccles. 4:4)

**16**. Ang mga ina sa Indonesia ay nagbabalanse ng kanilang mga tungkulin sa trabaho at sa pamilya, Ama, tulungan Mo nawa sila na lumapit sa Iyo at makatagpo ng kalakasan at kapahingan sa Iyong presensya. (Matt. 11:28)

**17**. Panginoon, nawa ang mga local na Iglesya sa Japan ay makaakit ng mga dayuhan at makibalikat sa mga dayuhang Iglesya sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo upang mapalawak ang kaharian ng Diyos. (Deut. 10:17-19)

**18**. Diyos, tulungan Mo ang mga anak ng mga taga North Korea na ngayon ay naninirahan sa South Korea. Nawa ay maging matagumpay sila sa pakikisalamuha sa lipunan at maabot nila ang kanilang boong potensyal. (Lev. 19:34)

**19**. Panginoon, nawa ang mga Kristianong kababaihan sa Mongolia ay magkaisa sa pag-ibig at pagtutulungan habang ginagawa nila ang Iyong Gawain upang sila ay magsilbing matibay na haligi ng Iglesya. (1 Cor. 12:12-13)

**20**. Banal na Diyos, palambutin Mo ang puso ng mga hindi pa naabot na mga kababaihan sa Nepal na nag-aalinlangan na making ng Ebanghelyo. Buksan Mo ang kanilang mga mata at ilapit Mo sila sa Iyo. (Eph. 1:18)

**21**. Panginoon, hikayatin Mo ang komunidad sa Papua New Guinea na maging masigasig at mapagmatyag upang maprotektahan ang mga kababaihan at mga batang babae sa panganib na maikalakal at seksuwal na mapagsamantalahan. (Ps. 46:1)

**22**. Nawa ang mga komunidad sa Timor-Leste ay mapalaya mula sa nakakapinsalang patriyarkal na gawain. Ito ay nagpapatahimik sa mga kababaihan. Diyos, nawa ang mga kababaihan ay mapakitunguhan nang may dignidad. (Gal. 3:28)

**23**. Ama, pagkalooban Mo nawa ng ligtas na panganganak, mahusay na pangangalaga at pagkakataon sa maayos na kalusugan ang mga kababaihang Hmong sa liblib na lugar ng Vietnam kung saan marami ang namamatay dahil sa panganganak. (Ps. 32:7)

**24**. Panginoon, mahalaga sa Iyo ang mga impormal na trabaho na ginagawa ng maraming kababaihan sa Indonesia. Nawa ay mabayaran sila ng patas at mapahalagahan ang kanilang ginagawa. (1 Tim. 5:18)

**25**. Nawa ay marating ng Ebanghelyo ang mga nakakaranas ng kahirapang pinansiyal, kaguluhan at kahungkagan upang magkaroon sila ng kagalakan, kapayapaan at pag-asa kay Jesus. (Rom. 15:10-13)

**26**. Panginoon, nawa ang mahigit 1 milyong dayuhang manggagawa na naninirahan sa South Korea ay makatanggap ng patas na pagtrato sa kanilang paggawa at magkaroon ng pagkakataon na makakilala kay Jesus. (Lev. 19:13)

**27**. Ama, nawa ang mga kababaihang Mongolian ay magkaroon ng kagalingan at kabuoan sa pamamagitan ng pakikipagrelasyon sa Iyo dahil pupunuin Mo ang kanilang mga puso ng Iyong kapayapaan, kagalakan at pag-asa. (John 14:27)

**28**. Panginoon, ibalik Mo sa Iyo ang mga kababaihan sa Nepal na naimpluensyahan ng mga makamundong bagay. Nawa ay bumaling sila sa Iyo at yakapin ang katotohanan. (Rom. 12:2)

**29**. Diyos, ingatan Mo ang mga buhay ng mga kababaihan sa Papua New Guinea na napagbibintangang mangkukulam. Putulin Mo nawa ang paulit-ulit na takot at kapangyarihan ng mga kalalakihan at magdala Ka ng katarungan at kapayapaan sa mga mahihinang sektor ng Lipunan. (Ps. 82:3)

**30**. Panginoon, nawa ay magkaroon ng ligtas na lugar sa Timor-Leste upang ang mga biktima ng karahasan ay makatagpo ng kanlungan, kagalingan at pag-asa at makatanggap ng dalisay na pagkalinga at katarungan. (Ps. 9:9)

**31**. Ama, pagkalooban Mo ng karunungan, katapangan at pagkakataon na umunlad sa pamumuno, pulitika at ekonomiya ang mga kababaihan sa Vietnam. (Prov. 31:25)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**